**COMMONWEALTH OF VIRGINIA**
**DEPARTAMENTO PARA SA MGA SERBISYO SA PAGTANDA AT REHABILITASYON (DEPARTMENT FOR AGING AND REHABILITATIVE SERVICES)**
**DIBISYON NG MGA SERBISYONG PAMPROTEKSYON SA NASA HUSTONG GULANG (ADULT PROTECTIVE SERVICES DIVISION)**

| **PARA SA PAGGAMIT LANG NG OPISINA:** PETSA KUNG KAILAN NATANGGAP ANG APLIKASYON |
|---|
| LDSS |
| CASE# |

# APLIKASYON PARA SA MGA SERBISYO PARA SA MGA NASA HUSTONG GULANG

| PANGALAN: | PETSA NG KAPANGANAKAN (MM/DD/YYYY): |
|---|---|
| ADDRESS NG KALYE: | |
| LUNGSOD, ESTADO, ZIP: | TELEPONO: |
| ADDRESS NA PAGPAPADALHAN (KUNG IBA): | |
| MGA DIREKSYON PAPUNTA SA BAHAY (KUNG KINAKAILANGAN) | |

**NAG-AAPLAY AKO PARA SA SUMUSUNOD NA SERBISYO O MGA SERBISYO (Ilista lahat):**

☐ Ipinaliwanag sa akin ang aking mga karapatan at responsibilidad at nakatanggap ako ng nakasulat na kopya.

☐ Pinapatunayan ko na ang impormasyon na ibinibigay ko ay tama. Batid ko na kung nagbigay ako ng hindi tamang impormasyon, maaari akong usigin sa ilalim ng batas.

☐ Ibinibigay ko rito ang pahintulot sa lokal na departamento para kontakin ang mga tao o ahensya na nakalista sa ibaba. Nauunawaan ko na kung wala ito, maaaring hindi matukoy ng lokal na departamento ang aking pagiging karapat-dapat.

| TAO/AHENSYA | DAHILAN | MGA INISYAL NG KLIYENTE | PETSA |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

LAGDA NG APLIKANTE PETSA

KINATAWAN O SAKSI KUNG PINIRMAHAN GAMIT ANG PANG-MARKA

**Ang mga nakumpletong aplikasyon ay dapat ipadala sa lokal na departamento ng mga serbisyong panlipunan kung saan nakatira ang nasa hustong gulang.**
**Upang mahanap ang iyong lokal na departamento, bisitahin ang www.dss.virginia.gov/localagency/index.cgi.**

## MGA KARAPATAN NG MGA APLIKANTE

Maaaring mag-aplay ang sinuman para sa mga serbisyo. Hindi kailangang nanirahan ka sa county o lungsod sa loob ng anumang partikular na haba ng panahon. Hindi kinakailangan na mamamayan (citizen) ka para sa mga serbisyo.

May karapatan ka sa patas na pagtrato hindi alintana ang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, o kapansanan.

May karapatan ka na makatanggap at magkumpleto ng aplikasyon sa araw na hiniling mo ang mga serbisyo. Kung kailangan mo ng tulong na punan ang aplikasyon, may tutulong sa iyo.

Dapat ipaliwanag sa iyo ang proseso ng pagtukoy ng pagiging karapat-dapat.

Pagpapasyahan ng lokal na departamento ang iyong aplikasyon sa loob ng 45 araw. Kung ito ay imposible, dapat sabihin sa iyo kung bakit. Dapat sulatan ka ng lokal na departamento kung hindi ka karapat-dapat o kung mayroong pagkaantala.

Kung natukoy na karapat-dapat ka, may karapatan ka na magsimula ang mga serbisyo sa loob ng 45 araw pagkatapos makuha ng lokal na departamento ang iyong aplikasyon.

May karapatan ka sa mga inaatas na serbisyo kung saan natutugunan mo ang mga kinakailangan para maging karapat-dapat. Ang iyong karapatan sa mga opsyonal na serbisyo ay nakadepende sa pagtugon sa mga kinakailangan para maging karapat-dapat at sa kung inaalok o hindi ng lokal na departamento ang serbisyo.

May karapatan kang makita ang impormasyon tungkol sa iyo, na taglay ng lokal na departamento sa iyong talaan ng serbisyo.

Hindi maaaring ilabas ng lokal na departamento ang impormasyon tungkol sa iyo nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot maliban para sa mga layunin na direktang nauugnay sa pangangasiwa ng mga programa sa serbisyong panlipunan.

Ang mga karapatang ito ay nakabase sa mga batas ng Pederal at Estado ngunit may ilang pagbubukod. Kung mayroon kang anumang tanong o nais makita ang impormasyon sa iyong talaan, makipag-ugnay sa iyong worker.

## MGA PANUTO TUNGKOL SA PAG-APELA

Pinapahintulutan ng Seksyon 51.5-147 ng Kodigo ng Virginia ang isang aplikante para sa o tumatanggap ng **mga serbisyo sa tahanan (home-based services - homemaker, chore o companion)** at **mga serbisyo sa mga kinupkop na nasa hustong gulang (adult foster care services)** na i-apela ang anumang desisyon ng lokal na lupon sa paggawad, pagtanggi, pagbabago, o hindi pagpapatuloy ng mga serbisyo. Ang sinumang aplikante o tumatanggap ay maaaring humiling ng pagsusuri ng Komisyonado sa pagkabigo ng lokal na lupon na gumawa ng desisyon sa loob ng makatwirang panahon.

Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng lokal na departamento maaari mong i-apela ang desisyon. Dapat itong gawin nang hindi hihigit sa 30 araw mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang Abiso ng Pagkilos. Maaari kang mag-apela sa pamamagitan ng direktang pagsulat sa o pag-fax ng apela sa:

Attn: Control
Virginia Department for Aging and Rehabilitative Services
9960 Mayland Drive, Suite 200
Richmond, Virginia 23233
804-527-4524 (FAX)

**Ang sumusunod na impormasyon ay dapat makita sa kahilingan para sa isang apela: "Case Code 35" at "Case Type APA."**

Kung humihiling ka ng Pagdinig sa loob ng 10 araw, magpapatuloy ang iyong serbisyo o pagbabayad ng serbisyo hanggang sa may magawang desisyon.

Kung sa tingin mo ay nadiskrimina ka anumang oras, maaari kang maghain ng reklamo sa Commissioner of the Department of Social Services o the U.S Department of Health and Human Services, Office of Civil Rights. Dapat itong gawin sa loob ng 180 araw mula ng diumano'y nandidiskriminang pagkilos. Makikita ang karagdagang impormasyon sa http://www.dss.virginia.gov/about/civil_rights/index.cgi

## MGA RESPONSIBILIDAD NG MGA APLIKANTE

Dapat kang magbigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon na kinakailangan para sa pagtukoy ng pagiging karapat-dapat. Maaaring kailangang hilingin sa iyo ng lokal na departamento ang mga pay stub o iba pang uri ng dokumento o pahintulot para makipag-ugnay sa mga ahensya o indibidwal upang makakuha ng katibayan ng iyong kita. Kung magbigay ka ng hindi tamang impormasyon, maaari kang usigin sa ilalim ng batas.

Dapat mong abisuhan ang lokal na departamento sa loob ng 10 araw tungkol sa anumang mga pagbabago, na maaaring makaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo.